

Newsletter para sa Dami ng Trabaho sa Paglilinis



Pag-aaral ng Janitorial Workload - Mga update

Isyu 1, Bolyum 2

Maligayang pagdating sa Spring 2022! Umaasa kaming ikaw ay mananatiling ligtas at malusog. Nais naming ibahagi ang ilang mga update sa proyekto. Narito ang ginagawa namin:

PAG-AARAL NG JANITORIAL WORKLOAD – NAKUMPLETO

- Ang survey para sa mga janitor sa buong WA ay isinagawa mula Nobyembre 2019 hanggang Pebrero 2020
- Naglalathala kami ng isang papel na naglalarawan sa mga pamamaraan ng survey at ilang mga resulta ([basahin ang papel nang libre dito](#), o [basahin ang buod](#)). Sinusuri pa rin namin ang data at magpa-publish ng higit pang mga resulta sa lalong madaling panahon:
 - 21% ng mga janitor ang nag-ulat na sila ay na-diagnose ng health-care professional na may pinsala o karamdaman na nauugnay sa trabaho (ang mga babae ay may mas mataas na panganib kaysa sa mga lalaki; ang mga Latinong janitor ay may mas mataas na panganib kaysa sa mga Puting janitor)
 - Kalahati lamang (52%) ng mga janitor na nag-ulat na nasugatan o nagkasakit sa trabaho ang nag-ulat na naghain sila ng kahilingan para sa kompensasyon sa mga manggagawa (workers' compensation, WC)
 - Ang mga manggagawa ay nag-ulat ng mga pagkakaiba sa mga kondisyon sa trabaho na maaaring may tungkulin sa panganib ng pinsala, tulad ng hindi nakakapagpahinga o makapag-bakasyon, at mga alalahanin tungkol sa hindi sapat na mga kawani at mga supply

MGA PAGSUSURI SA WORKLOAD – NAKUMPLETO

- Ang aming mga mananaliksik ay bumisita sa mga janitor sa field para obserbahan at itala kung paano tinatapos ng mga janitor ang kanilang mga ginagawa. Kahit na itinigil ng pandemya ng COVID-19 ang mga pagtatasa na ito nang mas maaga kaysa sa pinlano, naniniwala kaming maaasahan ang kalkulator. Maaari kaming magsagawa ng higit pang mga pagbisita sa hinaharap.

KALKULATOR NG WORKLOAD – SA PAGSULONG

- Ang lahat ng data na aming kinokolekta ay ginagamit upang bumuo ng kalkulator ng workload – isang malayang available na nakapag-iisang tool upang matulungan ang mga employer at mga grupo ng manggagawa na matukoy ang mga ligtas na workload (upang makatulong sa pagpapalano para sa mga kontrata, magtalaga ng mga antas ng paglalagay ng tauhan, suriin ang workload ng trabaho, at magbigay ng mga direksyon para sa pagpapabuti). Magiging available ang isang beta na bersyon para sa pagsubok sa Summer 2022.

MGA PANAYAM SA NAPINSALANG MANGGAGAWA – PATULOY

- Nagsasagawa kami ng mga panayam sa telepono sa mga janitor na napinsala o nagkasakit sa trabaho at naghain ng kahilingan para sa kompensasyon ng mga manggagawa. Ang mga panayam na ito ay nangangalap ng mga detalye tungkol sa mga panganib at kung ano ang nangyari, upang matukoy natin ang mga karaniwang panganib at makatulong na maiwasan ang mga pinsala sa hinaharap. 23 janitors na ang nakapanayam namin sa ngayon.

SURVEY NG MGA JANITORIAL NA NEGOSYO– NAKUMPLETO

- Nagsagawa kami ng online na survey ng mga janitorial na kumpanya upang matutunan ang tungkol sa mga isyu mula sa pananaw ng negosyo, ngunit 25 kumpanya lamang ang tumugon sa aming survey. Magpapadala kami ng isa pang survey sa mga negosyo sa Spring/Summer 2022.

MGA DOKUMENTO SA EDUKASYON AT PAGSASANAY – PATULOY

- Naglalathala kami ng libreng tatlong-buwanang newsletter at tip sheet - [bisitahin ang aming website](#) upang maghanap ng mga publikasyon
- Kung mayroon kang mga mungkahi para sa mga paksa o pagsasanay - maiging ipaalam sa amin!

MAY MGA TANONG O KOMENTO PARA SA MGA MANANALIKSIK? GUSTO NAMING MAKARINIG MULA SA IYO:

- [Mag-sign](#) up para sa aming tatlong-buwanang newsletter tungkol sa pag-aaral, email JanitorStudy@Lni.wa.gov o tumawag sa 1-888-667-4277, pindutin ang 2 para sa Pag-aaral ng Janitor Workload